

Ipinagpapatuloy ng na-update na Kautusang ito ang mga paghihigpit sa karamihan ng aktibidad sa mga mahahalagang tungkulin at pangangailangan. Ngunit dahil sa pagsulong na kolektibo nating nakamit sa pagpapabagal ng pagkalat ng sakit at nalimitahan ang mga naospital, pinapahintulutan ng Kautusan ang ilang karagdagang mga mahahalagang negosyo at aktibidad na magpapatuloy, papayagan ang ilang mga hindi gaanong mapanganib na negosyong panlabas na magpatakbo muli, at maaaring mangyari na papayagan ang ilang mga karagdagang panlabas na aktibidad kahit na ang mga ito ay hindi mahahalaga. Nagpapakilala din ang bagong Kautusan ng isang balangkas upang gabayan ang mga desisyon ng mga Opisyal ng Kalusugan tungkol sa paglawig ng pagpapaluwag ng mga paghihigpit, na nakatuon sa pagsulong na nakamit sa pagtugon sa COVID-19 at tinitiyak na may sapat na magagamit na mga mapagkukunan ng health care.

Ito ang panibagong Kautusan na papalit sa kautusan na manatili sa bahay na inilabas noong Marso 31, 2020. Tinukoy namin ang utos noong Marso 31 bilang "Naunang Kautusan" at ang Kautusan noong Abril 29 bilang "Bagong Kautusan" o "Kautusan."

Ano ang mga pagbabago na ginagawa ng bagong Kautusan na ito?

Itong bagong Kautusan ay magkakabisa sa 11:59 pm sa Linggo Mayo 3, 2020, at mananatili na may bisa hanggang sa 11:59 pm sa Linggo Mayo 31, 2020, maliban kung babaguhin o palalawakin ito ng Opisyal ng Kalusugan.

Karamihan sa mga paghihigpit sa Naunang Kautusan ay nananatili. Gayunpaman, ang bagong Kautusan ay gumagawa ng ilang mga mahahalagang pagbabago, na naka-highlight sa ibaba:

Mahahalagang Negosyo:

- Sa ilalim ng bagong Kautusan, maaaring magpatuloy ang lahat ng mga proyekto sa konstruksyon, kung sumunod sila sa Protokol ng Kaligtasan sa Proyekto na Konstruksyon na inilabas bilang bahagi ng Kautusan. (Pinapalitan nitong protokol ang COVID-19 Patnubay ng Kaligtasan sa Lugar ng Konstruksyon na naaangkop sa Naunang Kautusan).
- Pinahihintulutan na magpatuloy ang mga transaksyon ng real estate na komersyal at pati na rin ng mga tirahan, ngunit may patuloy na paghihigpit sa mga personal na pagtingin at appointment.
- Sa ilalim ng bagong Kautusan, ang mga pag-aalaga ng bata, mga summer camp, mga paaralan, at iba pang mga programang pang-edukasyon at libangan ay maaaring magpatakbo upang magbigay ng pangangalaga at pangangasiwa para sa mga bata upang maaaring ang lahat ng mga tao na nagtatrabaho sa mga mahahalagang negosyo o mga negosyo sa labas o gumagawa ng pinakamababang pangunahing operasyon ay maka-access sa pangangalaga ng bata. Ang lahat

ng mga operasyong ito ay dapat sumunod sa mga paghihigpit na tinukoy sa Kautusan, kasama na ang mga ito ay maisasagawa sa matatag na grupo ng 12 o mas kaunting mga bata. Ang kategoryang ito ay napapailalim din sa Kautusan na Manatili sa Bahay ng Estado, ngunit susuriin ng Opisyal ng Kalusugan kung luluwagan pa ang paghihigpit sa pangangalaga sa bata na alinsunod sa Estado at kung ang pagkalat ng COVID-19 ay mas lalong kontrolado na.

Mga Negosyo sa Labas:

- Ang mga Negosyo sa Labas (tulad ng natukoy sa Kautusan at inilarawan sa ibaba) ay pinahihintulutan na magpatakbo ngayon, at ang mga tao ay pinapayagan na bumisita sa mga ito upang magsagawa ng trabaho o upang kumuha ng mga kalakal, serbisyo, o mga gamit.
- Ang mga Negosyo sa Labas ay ang karaniwang pangunahing nagpatakbo sa labas bago ang mga Kautusan na Manatili sa Bahay, at kung saan dapat panatilihin ang pagpadistansya sa ibang tao ng hindi bababa sa anim na talampakan sa pagitan ng lahat ng tao. Kasama dito ang mga negosyong tingian sa labas tulad ng mga halamanan, mga nagbibigay ng serbisyo sa labas tulad ng mga landscaper, at mga operasyon sa agrikultura.

Mga Protokol ng Pagpadistansya sa Ibang Tao para sa mga Negosyo:

- Lahat ng mga pasilidad ng negosyo na nagpatakbo sa County, kabilang ang mga negosyo na gumagawa ng pinakamababang pangunahing operasyon, ay dapat sumunod sa kinakailangan upang lumikha ng isang Protokol ng Pagpadistansya sa Ibang Tao. (Tandaan: ang mga aktibidad sa konstruksyon ay dapat sumunod sa mga Protokol ng Kaligtasan sa Proyekto ng Konstruksyon.)
- Sa kanilang mga Protokol ng Pagpadistansya sa Ibang Tao, dapat na tiyakin ng mga negosyo ngayon na nakasuot ng panakip sa mukha ang mga tauhan at mga customer kapag pumapasok sa kanilang mga pasilidad (maliban sa mga customer na hindi inirerekomenda ang mga panakip sa mukha, tulad ng mga maliliit na bata).
- Lahat ng umiiral na Protokol ng Pagpadistansya sa Ibang Tao ay dapat na ma-update upang maipakita ang mga bagong kinakailangan.
- Hinihikayat namin ang mga negosyo na hindi pa pinapayagang magpatakbo na mag-focus sa pagpapalano upang mabisang ipatupad ang pagpadistansya sa ibang tao at mga kaugnay na mga pamamaraan sa kanilang mga pasilidad upang sila ay handa at ligtas na makapagbukas silang kapag pinahintulutan.

Mahalagang Aktibidad at Paglalakbay:

- Lahat ng mga paglilipat ng tirahan ay pinapayagan na magpatuloy ngayon.

Libangan:

- Pinapayagan ng bagong Kautusan ang paggamit ng ibinabahaging mga pasilidad na libangan sa labas na hindi hihikayat ng pagtitipon o mayroong mga madalas-hinahawakan na kagamitan. Gayunpaman, dapat sundin ng bawat isa ang anumang mga paghihigpit na ipinapatupad ng mga awtoridad ng estado o lokal. Halimbawa, ngayon, ipinagbabawal ng Kautusang Pagpanatili ng Estado ang magpapatakbo ng mga golf course.

Mga Tagapagpahiwatig ng COVID-19

- Isasaalang-alang ng Opisyal ng Kalusugan ang pagluwag o pagpalawak ng mga paghihigpit batay sa pagsulong na kolektibo nating nakamit sa ilang mga pangunahing tagapagpahiwatig na inilarawan sa bagong Kautusan at tinukoy bilang mga Tagapagpahiwatig ng COVID-19.